

## Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Online na Pagtuturo ng Mga Guro sa Arellano University-Main: Isang Palarawang Pagsusuri

CARIAGA, MICHAEL CABANDAY  
*Arellano University, Manila, Philippines*

### ABSTRAK

*Upang maging makabuluhan pa rin ang pag-aaral kahit na distance learning ang pangunahing pamamaraan ng pagtuturo, dapat na magkaroon pa rin ang guro ng epektibong pamamaraan sa pagtuturo, batay kay Cordova (2020). Ang pagkakaroon nito ay nakabase sa epektibong ugnayan ng mag-aaral at ng guro gamit ang komunikasyon. Kaya naman isinagawa ang pananaliksik na ito na naglalayong; una, matukoy ang mga estratehiyang pangkomunikasyon na karaniwang ginagamit ng mga guro ayon sa kanilang persepsyon sa online na pagtuturo; ikalawa, mailarawan ang pagkakaiba ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo ng mga guro ayon sa salik na kinabibilangang departamento at ikatlo, malaman ang mga online teaching platforms na ginagamit ng mga guro sa pagsasagawa nila ng kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo. Sa pamamagitan ng teknik na random sampling, napili ang mga respondente sa antas elementarya, sekondarya at kolehiyo; kung saan ipinasagot sa kanila gamit ang Google Form ang talatanungan na dumaaan sa balidasyon. Matapos matuos ang datos gamit ang ang pagkuha ng mean, pagrarranggo; limang eskalang batayan at ang F-Test /Post Hoc Analysis, natuklasang ginagamit ng guro nang malimit ang lahat ng siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo. Natukoy din na pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo ng mga guro ayon sa salik na kinabibilangang departamento. Batay din sa resulta, ang Learning Management System (LMS) at Messenger App ay ang dalawang pangunahing ginagamit ng mga guro sa pagsasagawa ng kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo. Dahil dito, itinatagubilin ng mga mananaliksik na gamitin ang siyam na pangunahing estratehiya sa online na pagtuturo sa halos lahat ng pagkakataon (palagi) at hindi malimit lamang, dahil batay sa mga pag-aaral ang siyam na pangunahing estratehiya ay higit na nakatutulong sa maraming guro upang maging epektibo ang pagtuturo kahit na online ang tanging pamamaraan. Iminumungkahi rin ang pagsasagawa ng kaparehong pag-aaral gamit ang metodo na obserbasyon.*

**Keywords:** estratehiyang pangkomunikasyon, distance learning, online teaching platforms, Learning Management System, Messenger App

---

## PANIMULA

Ang pagpasok ng taong 2020 ay naging isang malaking suliranin para sa lahat ng tao sa buong mundo. Dulot ng paglaganap ng nakahahawang sakit na COVID-19 na kalaunan ay idineklara bilang isang Pandemic, tuluyang huminto ang nakasanayang galaw ng mundo. Lubhang naapektuhan nito ang ekonomiya ng bawat bansa dahil sa pagsasara ng marami sa mga establisyamento na nagbibigay ng trabaho at negosyo sa marami. Subalit, hindi lamang pag-arangkada ng ekonomiya ang naantala dahil maging ang sektor na Edukasyon ay lubos na naapektuhan din.

Bunsod ng patuloy na pagtaas ng bilang ng positibong kaso ng COVID-19 sa bansa, sadyang limitado ang opsyon ukol sa pamamaraan kung paano maaaring ituloy ang klase. Ang bagong pamamaraan na ito ay tila isang pagsubok din sa husay at kakayahan ng mga guro sa bansa. Napilitan ang pamahalaan, partikular na ang Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED), na ipatupad ang *online o distance learning* upang maipagpatuloy ang edukasyon ng mga mag-aaral ngayong panahon ng pandemya. Ang aksyon na ito ng pamahalaan ay sinang-ayunan ni Dhawan (2020). Ayon sa kaniya sa panahon ng krisis na ito, ang mainam na lunas ay ang pagpapatupad ng *online learning modalities*. Sinang-ayunan naman ni Cathy Li (2020) ng World Economic Forum, na mas epektibo ang *online learning* kaysa sa pag-aaral sa loob ng silid aralan dahil sa mga balakid sa kalusugan.

Upang maging makabuluhan pa rin ang pag-aaral kahit na *distance learning* ang pangunahing pamamaraan ng pagtuturo, dapat na magkaroon pa rin ang guro ng natatanging pamamaraan sa pagtuturo, batay kay Cordova (2020). Ang pagkakaroon nito ay nakabase sa epektibong ugnayan ng mag-aaral at ng guro. Ayon kay Badayos (1999) sa pagbanggit ni Tomas (2015), ang pagtuturo ay isa sa mga pinakakomplikadong gawain o propesyon. Sa larangan ng pagtuturo, ang usapan ay palagi nang nakasentro sa guro at kung paano sila nagtuturo. Ang isang epektibong guro ay hindi lang nakasalalay sa kahusayan sa pagtuturo kundi ang kakayahang umunawa at makipag-ugnayan sa mga mag-aaral.

May kaugnayan ito sa teorya nina Good at Brophy (1987) ayon sa pag-aaral ni Lartec (2017) na maraming edukador ang nakakaalam sa kahalagahan ng interaksyong pangklase. Ang mabuting interaksyon ng mga guro at mag-aaral ay malaking salik sa pagkakaroon ng kalidad na edukasyon, lalo na sa panahon ngayon na mahirap sa maraming guro ang makusap nang maayos ang kaniyang mga mag-aaral. Subalit, nararapat na matugunan ito dahil sa interaksyong ito, ang kadalasan ng pagsasalita ng guro at ng mga mag-aaral ay kalimitang ginagamit bilang sukatan.

Ang karanasan ng guro ay bukas na aklat sa ating bansa. Siya ang ulirang propesyunal na kadalasang ulila at limot na lingkod ng bayan. Ngunit sa kabila nito, siya ay matiyaga at taimtim na tumutupad sa tungkulin bilang katuwang ng mga magulang at buong komunidad sa pagmumulat ng mga mag-aaral.

May tatlong salik sa pilosopiya ng edukasyon, ito ay ang mga magaaral, kurikulum at guro. Sa tatlong ito, ang may pinakamahalagang tungkulin sa edukasyon ng mga bata ay ang guro dahil walang guro kung walang mag-aaral na tuturuan. At dahil ang mga mag-aaral ang sentro ng teaching-learning process, ang paglilimi at kawilihan sa pag-aaral ay natutuon sa mga mag-aaral

kaya hindi dapat sumentro lamang ang guro sa subjek na kanyang itinuturo kundi sa tinuturuan nito at sa paraan din ng pagtuturo. Kaya kailangan niyang mag-isip ng masisiglang gawain sa paglalahad ng aralin para makuha niya ang loob ng mga mag-aaral.

Malamang na ang pagsasagawa ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ay magbibigay ng bagong direksyon sa paggawa ng malaking pagbabago sa loob ng klasrum ngayong distance learning ang pangunahing paraan ng pagtuturo. Ang pinakamalawak na pagbabago sa klasrum ay magbubukas ng lalong pinaigting na gawaing intelektwal at pang-akademiko. Tulad halimbawa, kung gagamitan ng guro ng iba't ibang estratehiyang pangkomunikatibo ang mga mag-aaral sa pagtatanong at hayaang mag-isip ang mga ito ng mga kasagutan o tugon ay mahahasa niyang palawakin ang kanilang pag-iisip at kasabay nito ang kanilang pagkatuto.

Kugnay nito sa loob ng klase, hindi lamang tagapagsalita ang guro kundi tagapangasiwa rin. Dahil dito, nararapat lamang na mulat sa mga estratehiyang pangkomunikatibo ang bawat guro. Kapag hindi magiging maalam at magaling sa mga estratehiyang pangkomunikatibo ang guro, malamang na hindi niya maituturo nang maayos ang mga aralin lalo na sa distance learning. Umaayon ito sa binanggit ni Fernandez (2016) na ang tunguhin ng guro sa diskurso ay napakahalaga lalo na ang paggamit niya ng iba't ibang kalakaran at estratehiya upang magampanan nang ganap ang kanyang layunin.

Dahil magkakaiba ang mag-aaral, lalo na sa panahon ngayon na hindi lamang kasarian, edad at kakayahan ang pagkakaiba-iba ng mga estudyante kundi maging sa kapasidad nito na matugunan ang mga suliranin sa distance learning tulad ng gadgets, load, wifi at marami pang iba. Sa kabila nito nararapat na tulad sa tradisyunal kailangan na pag-iba-ibahin din ng guro ang kanyang pamamaraan depende sa kailagan ng kaniyang estudyante. Binigyang diin ni Villanueva (2011) na dapat ay higit na alamin at unawain ng guro ang bawat mag-aaral sapagkat dapat niyang ibagay ang mga paksa at pamamaraan ng pagtuturo sa tunuturuan.

Makatutulong nang malaki sa guro kung malalaman niya ang iba't ibang pamamaraan sa paglalahad ng mga aralin gamit ang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo. At upang maging matagumpay ang pagtuturo, ang guro ay dapat na pumiling mabuti ng pamamaraang gagamitin. Ngunit gamitin lamang sa pagtuturo ang pinakaangkop na estratehiya upang maging epektibo (Finocchiaro, 2014).

Sa pag-aaral na isinagawa ni Lartec, (2011) nabanggit niya ang sinabi nina Bloomfield (1966) na ang pagkatuto at pag-unawa ng mga bata ay nakasalalay sa iba't ibang estratehiyang pinagsama-sama at hindi sa isang paraan lamang. Madaling makaunawa ang mga mag-aaral kung iiba-ibahin ng guro ang kanyang estratehiya sa pag-aangkop sa kanilang kalagayan.

Maraming depinisyon ng estratehiyang pangkomunikasyon ang iminungkahi simula nang ipakilala ni Selinker (1972) ang konseptong ito. Isa sa mga depinisyong malimit tukuyin ay ang binanggit ni Nadayao (2011) na ibinigay ni Tarone (1980), na siyang kumilala ng estratehiyang pangkomunikasyon bilang di-pangkaraniwang interaksyonal.

Sa pag-aaral ni James (2015), ayon sa binanggit ni Finocchiaro (1974) ang mga sumusunod ay ilan sa mga estratehiyang ginagamit ng guro, gaya ng substitusyon, pagpapalit-coda, pagpapares

---

ng pangungusap, pagbabaliktad, pagdaragdag, pagbabawas, pagpapalawak, pagsasalin at tanong-sagot. Sa substitusyon ay gumagamit ang guro ng iba pang salitang kauri o kahalintulad bilang panghalili sa isang salitang ginagamit sa loob ng pangungusap upang maipaunawang maigi ang aralin sa mga mag-aaral. Ang pagpapalit-wika o code switching ang karaniwang tawag sa halinhinang paggamit ng dalawa o higit pang wika. Isa ito sa mahahalagang tunguhin ng sosyolinggwistika sa paglikha at pagbuo ng mga alituntunin sa pagsasalita (James, 2015)

Sa papapares naman ng pangungusap, ang guro ay nagbibigay ng pangungusap at pagkatapos ay magtatanong. Halimbawa, Kung ang bata sa kwento ay nakakaawa, ano naman ang ama nito? Sa pagbabaliktad ay nagbibigay ang guro ng modelong pangungusap. Halimbawa ay pasalaysay, pagkatapos ay hihilingin sa mag-aaral na gawin itong patanong. Sa pagdaragdag ay gumagamit ang guro ng pagdurugtong sa ideya ng mag-aaral upang palawakin ang kaisipang tinatalakay. Sa pagbabawas ay gumagamit ang guro ng mga bitin o hindi tapos na pangungusap o kaisipan at pinadudugtungan na lamang ito sa mga mag-aaral.

Tinukoy naman sa pag-aaral ni Nadayao (2011), ayon sa teorya ni Mitchell (1988) ang ilang mga estratehiyang pangkomunikasyon na ginagamit ng guro para pagtibayin ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa bawat aralin. Hinati niya ito sa dalawa bilang L2 medium at L1 based medium. Sa L2 medium, kasama dito ang mga sumusunod na estratehiya: pag-uulit, inuulit ng guro ang isang aytem; paghahalili, nagbibigay ang guro ng salitang panghalili sa isang aytem; pagpapaliwanag, ipinaliliwanag ng guro ang kahulugan ng isang aytem; pag-iiba, nagbibigay ang guro ng ibang aytem na maaaring kapangkat din ng aytem; at pagbibigay tanda, nagbibigay ang guro ng mga aytem na may kaugnayan sa nabanggit na aytem. Kung ang layunin naman ng guro ay makipag-interak ang lahat niyang mag-aaral ay napakainam na gamitin ang estratehiyang tanong-sagot. Dito ay magtatanong ang guro sa mag-aaral 1. Sasagot ang mag-aaral 1 at pagkatapos ay magtatanong sa mag-aaral 2. Sasagot ang mag-aaral 2 at pagkatapos ay magtatanong sa mag-aaral 3 hanggang makapagsalita ang lahat.

Sa L1 based medium naman, kasama dito ang pagpapakahulugan kung saan nagbibigay ang guro ng pagpapakahulugan o pagsasalin sa isang aytem at pagpapalit-wika, nagsasalita ang guro sa paraang bilinggwal. Inuulit niya ang mensahe sa unang wika na naunang nasabi sa pangalawang wika.


Nagbigay din si Hatch (1979), ayon sa nabanggit ni Nadayao (2011) ng tatlong estratehiyang pangkomunikasyon na nakatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Una, paggamit ng ilustrasyon, dibuho at krokis; Pangalawa, paggamit ng maraming halimbawa sa pagpapakita ng konsepto o ideya; at pangatlo, muling pagpapahayag sa katanungan sa ibang paraan (Espique, 2015).

Ang mga teorya na nabanggit sa pag-aaral ni Nadayao (2011) salig kina Mitchell (1988) at Hatch (1979) ang ginawang batayang teorya ng pananaliksik na ito. Inilapit at iniangkop ang

kanilang mga tugon hinggil sa mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo sa panahon ngayon na ang laganap na metodo ng pagtuturo ay *distance at online learning*.

Ayon kay Cohen (2000), walang estratehiyang likas na mabuti o masama dahil mayroon silang kaniya-kanyang kakayahan sa paggamit nito nang epektibo. Ayon pa sa kanya, ang kabuuang bilang sa paggamit ng iba't ibang estratehiya at ang kadalasan ng paggamit ng mga ito ay hindi indikasyon ng tagumpay sa mga gawaing pagtuturo ng wika. May ilang baryabol na nakaiimpluwensya sa paggamit ng mga ito. Maaaring ito ay may kaugnayan sa demograpiko ng mga mag-aaral gaya ng gulang, kaligirang pangkultura, kasarian at mga isyu tulad ng katatasan sa wika, istilo ng pag-aaral, konteksto, pangangailangan ng gawain at pakikitungo ng mga mag-aaral. Alinman sa mga ito ang dahilan, ang paggamit ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ay may malaking tulong para sa matagumpay na interaksyon sa klase lalo na ngayong nasa distance learning ang pagtuturo.

Ito ang naging sanligan at pundasyon ng pagnanais ng mga mananaliksik na tukuyin at suriin ang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa *online* na pagtuturo ng mga guro sa panahon ngayon. Makikita sa Pigura 1, ang batayang konsepto na ginamit ng mananaliksik upang maisakaturan ang nasabing pag-aaral.



**Figur 1.** Paradim sa estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo ng mga guro

Mula sa mga teoryang ginamit, mga tugon sa talatanungan at propayl ng mga guro, susuriin at tutukuyin ng mga mananaliksik ang estratehiyang pangkomunikasyon na ginagamit ng mga guro sa Arellano University-Main sa online na pagtuturo. Inaasahang sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay masasagot ang mga sumusunod na katanungan: (a) Ano-anong estratehiyang pangkomunikasyon ang karaniwang ginagamit ng mga guro sa online na pagtuturo? (b) Ano ang pagkakaiba ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo ng mga guro ayon sa salik na kinabibilangang departamento? (c) Ano-anong *online teaching platforms* ang ginagamit ng mga guro sa pagsasagawa nila ng kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo?

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay inaasahang makatutulong sa pagpapaunlad ng estratehiyang pangkomunikasyon na bubuo ng isang makabuluhan at mabungang pang-akademikong gawain. Sa tagapagtaguyod ng edukasyon, makatutulong ito bilang mapagkukunan ng impormasyon sa kanilang pagsasagawa ng plano at pagpapatupad ng kanilang kurikulum ayon sa pangangailangan, upang maiagapay sa pamantayang pandaigdig ang pagpapataas ng uri ng ating edukasyon sa Pilipinas at sa kinakaharap na suliraning pangkalusugan.

Sa mga administrador ng unibersidad at tagapangasiwa ng mga guro sa bawat departamento, makatutulong ito sa kanilang paggawa ng mga makabuluhang programa para sa pagpapainam ng mga guro tungo sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa mga guro, magiging gabay nila ito sa pagpapahalaga ng mga napapanahong estratehiya sa pagtuturo upang makasabay sa modernisasyon at globalisasyon upang maiangat ang pamantayan ng edukasyon sa kabila ng suliraning pangkalusugan. Magsisilbi rin itong paalaala sa kanila na huwag nilang payagang mapalitan ang kanilang papel bilang guro sa klasrum ng mga makabagong teknolohiya at multimediang kagamitan na bagama't mahalaga sa pagkatuto sa panahon ngayon ay kailangan pa ring maipakita ng mga guro na moderno, makabago at pangglobal ang kanilang estratehiya upang makasabay sa mga napapanahong makabagong teknolohiya.

Ikahuli, sa mga mag-aaral ito ay magbibigay ng kabatiran sa kanila tungkol sa mga estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro upang kanilang mapabuti at mapahusay pang lalo ang pagiging malikhain at mapanuring pag-iisip na nagdudulot ng higit na tagumpay sa kanilang propesyon sa hinaharap. Sa mga mananaliksik, magiging instrumento ito sa pagsasagawa ng kahalintulad o anumang kaugnay na pag-aaral gaya nito. At upang magkaroon din ng kaalaman sa mga makabagong estratehiya at gawain sa edukasyon. Sadyang napakahalagang matalakay ang relasyon ng estratehiyang ginagamit at pagkatuto upang masuri ang papel na ginagampanan ng estratehiyang pangkomunikasyon sa pagpapanatili ng usapan sa *online* na klasrum.

## PAMAMARAAN

Ang pananaliksik ay gumamit ng palarawang disenyo upang mailarawan at matukoy ang iba't ibang estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa Online na pagtuturo. Iba't iba ang uri ng disensyong ito, ngunit napili ng mga mananaliksik na gamitin ang deskriptib-sarbey (*Descriptive-Survey Research Design*) na gumamit ng talatanungan (*Survey questionnaire*) upang makapangalap ng mga datos. Angkop ang disenyong ito upang makapangalap ng mga datos mula sa persepsyon ng mga respondente na kinakailangan sa pananaliksik.

Sa pamamagitan din ng disensyong ito, nailarawan ng mananaliksik ang kaugnayan ng salik na kinabibilangang departamento ng mga guro sa kanilang estratehiyang pangkomunikasyon sa Online na pagtuturo. Naging sapat din ang disenyong ito upang matukoy at mailarawan ang mga *online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro na pagdadausan ng kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon.

Ang mga guro sa elementarya, sekondarya at tersyarya ng Arellano University, Juan Sumulong Campus (Main) ang naging respondente ng pananaliksik na ito. Ang pag-aaral ay isinagawa sa taong panuruang 2020-2021 kung saan nagsimula ang "*new normal*" na pagtuturo dahil sa paglaganap ng COVID-19. Kaugnay nito, sa antas tersyarya, pinili lamang ng mga mananaliksik ang Kolehiyo ng Edukasyon upang mas mailapit ang respondente sa kalikasan ng pagtuturo.

Ginamit ang *random sampling technique* sa pagkuha ng mga respondente, kung saan tig-sampung guro sa bawat departamento ang lumahok sa isinagawang pag-aaral. Napagkasunduan ang ganitong bilang dahil mula rito nakuha ang kalahating porsyento ng bilang ng mga guro. May kabuoang 30 guro ang naging respondente sa pananaliksik na ito.

Sa pagkuha ng datos, gumamit ang mga mananaliksik ng talatanungan na binalangkas ayon sa hinihingi ng layunin ng pag-aaral. Bumuo ang mga mananaliksik ng mga pahayag na tutugon sa pinagbatayang teorya sa pagtukoy ng estratehiyang pangkomunikasyon ayon sa pag-aaral ni Nadayao (2011) salig sa teorya nina Mitchell (1998) at Hatch (1999). Ang mga pahayag ay ipinangkat sa siyam: pag-uulit, paghahalili (substitution), pagpapaliwanag; pagbibigay tanda (clue), pagpapalit-wika, tanong-sagot; pagpapakahulugan, paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis at paggamit ng maraming halimbawa sa pagpapakita ng konsepto o ideya. Gumamit ang mga mananaliksik ng limang eskalang batayan (*5-point Scale*) na palagi, malimit, minsan, bihira at hindi upang matukoy estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ayon sa nasabing siyam na pagpapangkat. Ang limang-eskalang batayan din ang ginamit sa pagtukoy ng mga *online teaching platforms* ng mga guro sa kanilang pagsasagawa ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa Online na pagtuturo.

Upang matiyak ang validi ng pananaliksik, sumailalim ang naturang talatanungan sa proseso ng balidasyon ng mga propesor sa Filipino bago ito ipasagot sa mga respondente. Matapos nito, lumikha ang mga mananaliksik ng liham para sa pagpapatibay ng pananaliksik at sa

pagpapasagot sa ilang mga guro. Ginamit ang *Google Form* bilang lundayan ng pagpapasagot sa talatanungan.

Matapos maipasagot sa mga respondente ang talatanungan, tinaya ang mga datos gamit ang sumusunod. Sa pagtukoy ng estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo at *online teaching platforms* ginamit ang 5-Point Scale na may katumbas na 4.50-5.00 (palagi), 3.50-4.49 (malimit), 2.50-3.49 (minsang); 1.50-2.49 (bihira) at 1.00-1.49 (hindi). Upang makuha naman ang kaugnayan ng salik na kinabibilangang departamento sa estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo, ginamit ang Analysis of Variance (ANOVA) o F-Test na may *0.5 level of significance*.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

### A. Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga Guro sa Online na Pagtuturo

Sa bahaging ito ng pananaliksik matutunghayan ang presentasyon ng resulta hinggil sa mga estratehiyang pangkomunikasyon na ginagamit ng mga guro sa *online* na pagtuturo sa antas elementarya, sekondarya at tersyarya sa Arellano University-Main.

#### 1. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAG-UULIT

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Bago magsimula sa bagong aralin, binabalikan ang nagdaang mga aralin sa pamamagitan ng pag-uulit ng mga konsepto nito.</li> </ul>	4.60	Palagi	1
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Nagagawa ang pag-uulit ng aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng <i>asynchronous</i> na gawain at mga takdang aralin.</li> </ul>	4.46	Malimit	2
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Inuulit-ulit ang pagpapaliwanag sa konsepto hanggang mapanatili sa isip ng mag-aaral ang itinuturong konsepto.</li> </ul>	4.43	Malimit	3
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Nagagawa ang pag-uulit ng aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng serye ng pagsusulit o pagtataya at ebalwasyon.</li> </ul>	4.06	Malimit	4
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.39</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 1.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang pag-uulit



Nakasaad sa Talahanayan 1 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa *online* na pagtuturo ayon sa categoryang pag-uulit. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.39 ang estratehiyang pag-uulit ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang pag-uulit ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa *online* ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ayon kay Nadayao (2011), mahalaga na gamitin ang pag-uulit ng aralin sa pagtuturo upang bigyang-diin ang ilang bahagi ng paksang-aralin sa kanilang pagpapaliwanag, upang bigyang linaw ang pag-aalinlangan ng mga mag-aaral sa naging tugon, upang kunin ang atensyon ng mga mag-aaral sa pagkuha ng angkop na kasagutan at bilang pagpuna sa maling kasagutan ng mga-aaral.

Kaugnay nito, mababatid din sa talahanayan na mula sa apat na pamamaraan ng pagsasagawa ng pag-uulit sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *bago magsimula sa bagong aralin, binabalikan ng guro ang nagdaang mga aralin*. Batay sa natuos na mean nito na 4.46 na may interpretasyong palagi; ipinapakahulugan na ginagamit ng guro ang pamamaraang ito ng pag-uulit sa halos lahat ng pagkakataon sa kaniyang pagtuturo sa *online*.

Sa kabilang banda, nakuha naman ng pamamaraang *nagagawa ang pag-uulit ng aralin sa pamamagitan ng pagbibigay ng serye ng pagsusulit o pagtataya at ebalwasyon* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 4.06 na may interpretasyon na malimit, ipinahihiwatig na ginagamit ng mga guro ang pamamaraang ito nang madalas sa kanilang pagtuturo sa *online* ngunit hindi kasindalas ng palagi. Kung tutuusin, kahit na ang pamamaraang ito ay nakakuha ng pinakamababang mean mula sa apat na pamamaraan ng pag-uulit, hindi pa rin maikakaila na ang pamamaraang ito ay malimit pa rin na ginagamit ng mga guro ngunit hindi nga lamang tulad ng iba na palaging ginagamit.

## 2. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAGHAHALILI (SUBSTITUTION)

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Gumagamit ang guro ng mga kongkretong halimbawa na malapit sa konseptong tinatalakay.</li> </ul>	4.70	Palagi	1
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Tuwing nagtatalakay (<i>synchronous</i>), gumagamit ang guro ng iba pang salitang kauri o kahalintulad bilang panghalili sa isang salitang ginagamit sa loob ng pangungusap.</li> </ul>	4.60	Palagi	2
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Sa tuwing nakikita na hindi nauunawaan ng mga estudyante ang aralin dahil sa mga malalalim na salita, pinagagamit sila ng guro</li> </ul>	4.00	Malimit	3

ng diksyunaryo o ‘di kaya’y pinagsasaliksik sila sa <i>Google</i> .
<b>GRAND MEAN      4.43      Malimit</b>

**Talahanayan 2.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang paghahalili

Nakasaad sa Talahanayan 2 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang paghahalili o *substitution*. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.43 ang estratehiyang paghahalili ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na paghahalili ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ayon kay Nadayao (2011), ang mga salitang hindi na gamitin ay malaking hadlang sa pagunawa ng mga mag-aaral sa paksang tinatalakay at nagdudulot ito ng kawalan ng interes sa panig ng mga mag-aaral na mag-isip, umunawa at makipag-interak sa klase. Sa ganitong kalagayan, malaking pakinabang ang nagagawa ng estratehiyang substitusyon tungo sa pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat ang mga salitang ginagamit ng guro ay simple at madalas na narinig o ginagamit sa pag-aaral kaya madali nang makuha at maintidihan ng mga mag-aaral aral ang tanong ng guro.

Nagbigay sina Faerch at Kasper (1999) ng ilang mga dahilan kung bakit gumagamit ng substitusyon ang mga guro. Ayon sa kanila, may mga salitang mahirap maunawaan at upang maipaliwanag ang kahulugang taglay ng mga salita, kailangan gumamit ng substitusyon ang guro. Samantala, ayon naman kina Blum-kulka at Levenston (1999), gumagamit ng iba pang salita ang guro na ang kahulugan ay malapit sa salitang nabanggit upang matiyak ang pagpapanatili sa orihinal na kahulugan ng salita. Ginagamit din ng mga guro ang sustitusyon upang ang wikang ginagamit ay maiangkop sa antas ng mga mag-aaral. Sang-ayon ito sa tinuran ni Ellis (1990) na ang mga guro na sensitibo ay mulat sa pangwikang pangangailangan ng mga mag-aaral. May kaugnayan ito sa paniniwala ni Allwright at Bailey (1991), na isa sa mga nagagawa ng substitusyon ay ang pagsasanay sa mga mag-aaral na maharap sa iba’t ibang barayti ng mga konsepto.

Kaugnay nito, mababatid din sa talahanayan na mula sa tatlong pamamaraan ng pagsasagawa ng paghahali sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *gumagamit ang guro ng mga kongkretong halimbawa na malapit sa konseptong tinatalakay bilang panghalili sa mga mahihirap na konsepto*. Batay sa natuos na mean nito na 4.70 na may interpretasyong palagi; ipinapakahulugan na ginagamit ng guro ang pamamaraang ito ng paghahalili sa halos lahat ng pagkakataon sa kaniyang pagtuturo sa online.

Sa kabilang banda, nakuha naman ng pamamaraang sa *tuwing nakikita na hindi nauunawaan ng mga estudyante ang aralin dahil sa mga malalalim na salita, pinagagamit sila ng*

*guro ng diksyunaryo o 'di kaya'y pinagsasaliksik sila sa Google* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 4.00 na may interpretasyon na malimit, ipinahihiwatig nito na ginagamit ng mga guro ang pamamaraang ito nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi. Kung tutuusin, kahit na ang pamamaraang ito ay nakakuha ng pinakamababang mean mula sa tatlong pamamaraan ng paghahalili, hindi pa rin maikakaila na ang pamamaraang ito ay malimit pa rin na ginagamit ng mga guro ngunit hindi nga lamang tulad ng iba na palaging ginagamit.

### 3. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAGPAPALIWANAG

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Gumagamit ang guro ng induktibong paraan sa pagpapaliwanag sa talakayan (<i>synchronous</i>).</li> </ul>	4.23	Malimit	1
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Gumagamit ang guro ng deduktibong paraan sa pagpapaliwanag sa talakayan (<i>synchronous</i>).</li> </ul>	4.13	Malimit	2
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ipinaliliwanag ng guro ang aralin sa pamamagitan ng sariling paraan ng pagpapaliwanag na hindi salig sa anumang estandardisadong pamamaraan.</li> </ul>	4.06	Malimit	3
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.14</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 3.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagpapaliwanag

Nakasaad sa Talahanayan 3 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagpapaliwanag. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.14 ang estratehiyang pagpapaliwanag ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na pagpapaliwanag ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Sadyang napakalaking tulong ng estratehiyang pagpapaliwanag sa pagtuturo at ito ay malinaw na ipinakita sa talahanayan. Ang mga ito ay upang magpaliwanag sa naging reaksyon ng ibang mag-aaral ukol sa paksang aralin, upang palawakin ang kaisipang ibinigay ng mag-aaral sa paksang aralin, at upang baguhin ang naging maling konsepto ng mag-aaral o pawiin ang kanilang agam-agam. Patunay lamang na ang guro ay hindi iyong tipo na tanggap lamang nang tanggap ng mga kasagutan ng mga mag-aaral sapagkat pagkatapos niyang makuha ang kaisipan mula sa mga mag-aaral ay agaran naman niyang sinusuportahan ng karagdagang ideya o itinutuwid ang maling konsepto ukol sa aralin.

Kaugnay nito, mababatid din sa talahanayan na mula sa tatlong pamamaraan ng pagsasagawa ng pagpapaliwanag sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *gumagamit ang guro ng induktibong paraan sa pagpapaliwanag sa talakayan (synchronous)*. Batay sa natuos na mean nito na 4.23 na may interpretasyong malimit; ipinapakahulugan na ginagamit ng guro ang pamamaraang ito ng pagpapaliwanag nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Batay kay Guinoo (2017), ang induktibong paraan ng pagpapaliwanag ay nagsisimula sa maliit na ideya papunta sa malawak na ideya. Dito tinatangka ang makabubuo ng isang pangkalahatang kongklusyon o panuntunan. Mula sa mga kilala o batid na kalagayan, pangyayari, bagay o katangian, makababalangkas ng kongklusyon na maaaring maging daan tungo sa isang bagong kaalaman. Sa makatuwid, mas ginagamit ng mga guro ang pagsisimula ng pagtatalakay mula sa mga ispesipikong kaalaman bago makabuo ng isang bagong kaalaman kaysa sa kabaligtaran nito na deduktibo.

Sa kabilang banda, nakuha naman ng pamamaraang *ipinaliliwanag ng guro ang aralin sa pamamagitan ng sariling paraan ng pagpapaliwanag na hindi salig sa anumang estandardisadong pamamaraan* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 4.06 na may interpretasyon na malimit, ipinahihiwatig nito na ginagamit ng mga guro ang pamamaraang ito nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi. Kung tutuusin, kahit na ang pamamaraang ito ay nakakuha ng pinakamababang mean mula sa tatlong pamamaraan ng pagpapaliwanag, hindi pa rin maikakaila na ang pamamaraang ito ay malimit pa rin na ginagamit ng mga guro tulad ng dalawang nauna.

#### 4. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAGBIBIGAY-TANDA (CLUE)

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ginagamit ng guro ang estratehiyang pagbibigay- clue upang bigyang – gabay ang mga mag-aaral sa pagtugon ng akmalang kasagutan sa talakayan.</li> </ul>	4.46	palagi	1
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ginagamit ang guro ng pamamaraang pagdurugtong sa hindi tapos na pangungusap sa pamamagitan ng pagbibigay ng <i>clue</i>.</li> </ul>	4.23	Malimit	2
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ginagamit ng guro ang ilang mga makabuluhang <i>games</i> upang magbigay ng tanda sa aralin na tinatalakay.</li> </ul>	3.60	Minsan	3
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.10</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 4.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagbibigay-tanda (*clue*)

Nakasaad sa Talahanayan 4 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagbibigay-tanda o *clue*. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.60 ang estratehiyang pagbibigay-tanda ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na pagbibigay-tanda ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Mababatid na sa pamamagitan ng paggamit ng *clue* ng mga guro sa pagtuturo ay nahihikayat nilang patuloy na makipag-interaksyon ang mga mag-aaral sa klase at ang hindi agarang pagtugon ng mag-aaral sa tanong ng guro ay hindi nagiging balakid sa daloy ng talakayan sapagkat sa pamamagitan ng *clue* ay nahihiwatigan agad ng mag-aaral ang tinutukoy ng kanilang guro at bunga nito, naihahanda nila ang kanilang sarili sa pagsagot ng tama, naiuugnay ang dating kaalaman sa bagong paksang tinatalakay at nalilalang din ang kasanayan ng mga mag-aaral na mag-isip nang may kaugnayan sa paksang-aralin.

Sang-ayon kay Freeman at Freeman (2003) habang nagbibigay ng *clue* ang guro, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na iugnay ito sa kanilang imbak na kaalaman para maipahayag ang kanilang ideya at kaisipan na siyang nagbubunga ng masigasig na pakikipagtalakayan.

Kaugnay nito, mababatid din sa talahanayan na mula sa tatlong pamamaraan ng pagsasagawa ng pagbibigay-tanda (*clue*) sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *ginagamit ng guro ang estratehiyang pagbibigay-clue upang bigyang – gabay ang mga mag-aaral sa pagtugon ng akmaang kasagutan sa talakayan*. Batay sa natuos na mean nito na 4.46 na may interpretasyong palagi; ipinapakahulugan na ginagamit ng guro ang pamamaraang ito ng pagbibigay-tanda sa halos lahat ng pagkakataon sa kaniyang pagtuturo sa online.

Sa kabilang banda, nakuha naman ng pamamaraang *ginagamit ng guro ang ilang mga makabuluhang games upang magbigay ng tanda sa aralin na tinatalakay* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 3.60 na may interpretasyon na minsan, ipinahihiwatig nito na ginagamit lamang ng guro nang pana-panahon ang pamamaraang ito. Ibig sabihin may pagkakataong nagagamit ito ngunit may pagkakataon ding hindi.

## 5. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAGPAPALIT-WIKA

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
▪ Tinatalakay ng guro ang aralin ( <i>synchronous</i> ) sa paraang bilingguwal.	4.36	Malimit	1
▪ Sa pagtatalakay ginagamit ng guro ang Filipino bilang pamalit sa unang wika ng aralin (Ingles)	4.33	Malimit	2
▪ Sa pagtatalakay ginagamit ng guro ang impormal na register kaysa pormal.	3.06	Minsan	3
<b>GRAND MEAN</b>	<b>3.92</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 5.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagpapalit-wika

Nakasaad sa Talahanayan 5 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagpapalit-wika. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 3.92 ang estratehiyang pagpapalit-wika ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na pagpapalit-wika ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ayon sap ag-aaral ni Nadayao (2011) batay sa binanggit ni Fillmore (1987), upang matiyak ng guro na siya ay mauunawaan ng mga mag-aaral, gumagamit siya ng mga salitang nakasanayan na at alam na alam ng mga mag-aaral. Pinatunayan ito Valerio (1999) sapagkat kanyang natuklasan sa kanyang pag-aaral na naglilipat-wika ang mga guro sa kani-kanilang pagtuturo upang maunawaan sila ng mga mag-aaral sa kanilang mga ipinaliliwanag. Tumugma ito sa pag-aaral ni Bucu (2000) na pinamagatang “Analysis of Classroom Discourse” inamin ng mga mag-aaral na madalas maglipat wika sa Filipino o Ilokano ang kanilang guro upang mapadali ang pag-unawa sa mga konseptong tinatalakay.

Kaugnay nito, mababatid sa talahanayan na mula sa tatlong pamamaraan ng pagsasagawa ng pagpapalit-wika sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *tinatalakay ng guro ang aralin (synchronous) sa paraang bilingguwal*. Batay sa natuos na mean nito na 4.36 na may interpretasyong malimit; ipinapakahulugan na ginagamit ito ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ang paraang bilingguwal sa pagtuturo ng aralin ay ang paggamit ng hindi lamang isa bagkus dalawang wika upang suportahan ang pag-unawa sa aralin. Maaaring ang opisyal na wika ng aralin halimbawa ay Ingles ay sinasamahan ng isa pang wika na nakasayan at batid ng mas nakararami. Ayon kay Nadayao (2011), ito ay isang epektibong pamamaraan dahil hindi nagiging sagabal o hadlang ang midyum na ginagamit ng mga guro upang maipaunawa sa mga mag-aaral ang aralin lalo na sa online na pagtuturo na maraming balakid sa pag-unawa tulad ng *signal atbp*.

Sa kabilang banda, nakuha naman ng pamamaraang *sa pagtatalakay ginagamit ng guro ang impormal na register kaysa pormal* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 3.06 na may interpretasyon na minsan, ipinahihiwatig nito na ginagamit lamang ng guro nang pana-panahon ang pamamaraang ito. Ibig sabihin may pagkakataong nagagamit ito ngunit may pagkakataon ding hindi.

Ipinahihiwatig nito na mas tuon ng mga guro sa kanilang online na pagtuturo ang paggamit ng pormal na wika kaysa impormal. Makikita na dahilan nito ay ang sistema ng edukasyon na kung saan mahigpit na tinagubilinan ang mga guro na ang pormalidad ay dapat na makita sa mga klasrum.

#### 6. Estratehiyang Pangkomunikasyon: TANONG-SAGOT

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ginagamit ng guro sa talakayan ang pamamaraang tanong-sagot sa pamamagitan ng resitasyon kung saan madalas tinatanong niya ang mga estudyante hinggil sa tinatalakay na aralin.</li> </ul>	4.60	Palagi	1
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ginagamit ng guro sa talakayan ang pamamaraang tanong-sagot sa pamamagitan ng pagbibigay ng instruksyon na ang bawat isa sa mag-aaral ay hinihikayat na magtanong sa kaniya habang siya ay nagtatalakay.</li> </ul>	4.37	Malimit	2
<ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ginagamit ng guro sa talakayan ang pamamaraang tanong-sagot sa pamamagitan ng kolaboratib na tanong-sagot (e.g. bubuo ng tanong ang mga mag-aaral at itatanong nila ito sa kapwa nila mag-aaral)</li> </ul>	3.30	Minsan	3
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.09</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 6.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang tanong-sagot

Nakasaad sa Talahanayan 6 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang tanong-sagot. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.09 ang estratehiyang tanong-sagot ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na tanong-sagot ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ayon kay Nadayao (2011) sa pagbanggit ni Hymes (1997), kung ang layunin ng guro ay makipag-interak ang lahat niyang mag-aaral ay napakainam na gamitin ang estratehiyang tanong-sagot. Dito ay magtatanong ang guro sa mag-aaral 1. Sasagot ang mag-aaral 1 at pagkatapos ay magtatanong sa mag-aaral 2. Sasagot ang mag-aaral 2 at pagkatapos ay magtatanong sa mag-aaral 3 hanggang makapagsalita ang lahat.

Mahalaga na magamit ito ng isang guro ayon kay Hymes (1977), dahil binibigyan nito ng linaw ang pag-unawa sa aralin. Mula rito matutuos kung may natutuhan baa ng mga mag-aaral, kung nasaan na sila sa pag-unawa ng aralin at kung may dapat pa bang gawin upang mas mapaingting ang pag-unawa sa aralin.

Kaugnay nito, mababatid sa talahanayan na mula sa tatlong pamamaraan ng pagsasagawa ng tanong-sagot sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *ginagamit ng guro sa talakayan ang pamamaraang tanong-sagot sa pamamagitan ng resitasyon kung saan madalas tinatanong niya ang mga estudyante hinggil sa tinatalakay na aralin*. Batay sa natuos na mean nito na 4.60 na may interpretasyong palagi; ipinapakahulugan na ginagamit ng guro ang pamamaraang ito sa halos lahat ng pagkakataon sa kaniyang pagtuturo sa online.

Sa pag-aaral ni Nadayao (2011), isinaad niya na pinakagamitin na pamamaraan ang resitasyon sa klase pagdating sa estratehiyang tanong-sagot. Ayon sa kaniya epektibo ito dahil nabibigyan nito ng kalinawan ang guro sa kasanayan at kakayahan ng isang mag-aaral.

Sa kabilang banda, nakuha naman ng pamamaraang *ginagamit ng guro sa talakayan ang pamamaraang tanong-sagot sa pamamagitan ng kolaboratib na tanong-sagot (e.g. bubuo ng tanong ang mga mag-aaral at itatanong nila ito sa kapwa nila mag-aaral)* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 3.30 na may interpretasyon na minsan, ipinahihiwatig nito na ginagamit lamang ng guro nang pana-panahon ang pamamaraang ito. Ibig sabihin may pagkakataong nagagamit ito ngunit may pagkakataon ding hindi.



**7. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAGPAPAKAHULUGAN**

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
▪ Ginagamit ng guro ang uri ng pagpapakahulugan na operasyunal sa mga salita o terminolohiya sa aralin.	4.12	Malimit	1
▪ Ginagamit ng guro ang konotasyon bilang paraan ng pagpapakahulugan sa mga salita o terminolohiya sa aralin.	4.10	Malimit	2
▪ Ginagamit ng guro ang uri ng pagpapakahulugan na leksikal sa mga salita o terminolohiya sa aralin.	4.00	Malimit	3
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.07</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 7.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagpapakahulugan

Nakasaad sa Talahanayan 7 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang pagpapakahulugan. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.07 ang estratehiyang pagpapakahulugan ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na pagpapakahulugan ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ayon kay Nadayao (2011), mahalaga na gamitin ang pagpapakahulugan lalo na sa elementarya dahil madalas ang mga mag-aaral ay wala pang kakayahan na magbigay ng sarili nilang kahulugan sa mga konsepto at termino. Pagdating sa sekondarya at kolehiyo kung saan mas malawak na ang kakayahan ng mga mag-aaral ang ganitong estratehiya ay malimit nan a ginagamit ng guro dahil sa mga mag-aaral na mismo nila ibinibigay ang pagpapakahulugan sa aralin. Datapwa't nagagamit pa rin ito ng mga guro sa sekondarya at kolehiya paminsan-minsan.

Kaugnay nito, mababatid din sa talahanayan na mula sa tatlong pamamaraan ng pagsasagawa ng pagpapakahulugan sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *ginagamit ng guro ang uri ng pagpapakahulugan na operasyunal sa mga salita o terminolohiya sa aralin*. Batay sa natuos na mean nito na 4.12 na may interpretasyong malimit; ipinapakahulugan na ginagamit ito ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ayon sa Dalisay (2019), ang operasyunal na pagpapakahulugan ay ang pagpapakahulugan batay sa gamit ng termino sap ag-aaral o talakayan. Isinasagawa ito upang masiyasat at masukat ang epekto o katotohanan nito sa isinasagawang pag-aaral o pagtatalakay. Samakatuwid, ayon sa resulta mas ginagamit ng mga guro ang mga kahulugang batay sa pagkakagamit sa aralin kaysa batay lamang sa nakatala sa diksyunaryo o alinmang mga aklat.

Kaya naman matutunghayan sa resulta na nakuha ng pamamaraang *ginagamit ng guro ang uri ng pagpapakahulugan na leksikal sa mga salita o terminolohiya sa aralin* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 4.00 na may interpretasyon na malimit, ipinahihiwatig nito na ginagamit ng mga guro ang pamamaraang ito nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi. Kung tutuusin, kahit na ang pamamaraang ito ay nakakuha ng pinakamababang mean mula sa tatlo na pamamaraan ng pagpapakahulugan, hindi pa rin maikakaila na ang pamamaraang ito ay malimit pa rin na ginagamit ng mga guro tulad ng iba.

8. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAGGAMIT NG ILUSTRASYON, DIBUHO, KROKIS ATBP.

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
▪ Gumagamit ang guro ng <i>PowerPoint presentation</i> .	4.57	Palagi	1
▪ Gumagamit ang guro ng mga ilustrasyon, dayagram, talahanayan, dibuho, krokis atbp upang makatulong sa pagpapatibay ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa aralin na tinatalakay.	4.37	Malimit	2
▪ Gumagamit ang guro ng mga video clip at audio clip.	4.30	Malimit	3
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.41</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 8.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis atbp.

Nakasaad sa Talahanayan 8 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis atbp. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.41 ang estratehiyang ito ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na ito ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Kasabay ng pagbubukas ng online na pagtuturo, ang estratehiyang paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis atbp sa pagtuturo ay naging pinakalundayan ng pagtatalakay sa aralin. Ayon kay Nadayao (2011) sa pagbanggit ni Hatch (1987), malaki ang kahalagahan ng biswal na presentasyon sa pag-unawa ng aralin dahil mas epektibo ang pag-unawa kung nagagamit ng mga mag-aaral ang karamihan sa kanilang mga *senses*. Kaya naman maipapahiwatig ng resulta na isa ang estratehiyang ito sa pinakaginagamit ng mga guro ngayong panahon na online ang edukasyon.

Kaugnay nito, mababatid din sa talahanayan na mula sa tatlong napamamaraan ng paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis atbp sa pagtatalakay ng aralin, nanguna ang pamamaraang *gumagamit ang guro ng PowerPoint presentation*. Batay sa natuos na mean nito na 4.57 na may interpretasyong palagi; ipinapakahulugan na ginagamit ng guro ang pamamaraang ito ng pag-uulit sa halos lahat ng pagkakataon sa kaniyang pagtuturo sa online.

Sa kabilang banda, nakuha naman ng pamamaraang *gumagamit ang guro ng mga video clip at audio clip* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 4.30 na may interpretasyon na malimit, ipinahihiwatig nito na ginagamit ng mga guro ang pamamaraang ito nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi. Kung tutuusin, kahit na ang pamamaraang ito ay nakakuha ng pinakamababang mean mula sa tatlong pamamaraan ng hindi pa rin maikakaila na ang pamamaraang ito ay malimit pa rin na ginagamit ng mga guro ngunit hindi nga lamang tulad ng iba na palaging ginagamit.

#### 9. Estratehiyang Pangkomunikasyon: PAGGAMIT NG HALIMBAWA SA PAGPAPAKITA NG KONSEPTO AT IDEYA

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
▪ Nagbibigay ang guro ng isa hanggang dalawang halimbawa sa bawat konsepto.	4.57	Palagi	1
▪ Gumagamit ang guro ng mga praktikal na halimbawa na makatutulong sa mag-aaral upang matamo ang pagkatuto hindi lamang sa akademiko kundi maging sa pampropesyunal.	4.40	Malimit	2
▪ Nagbibigay ang guro ng maraming halimbawa na nakadepende kung hanggang kailan makukuha ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa bawat konsepto.	4.30	Malimit	3
<b>GRAND MEAN</b>	<b>4.42</b>	<b>Malimit</b>	

**Talahanayan 9.** Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro na Online na pagtuturo ayon sa kategoryang paggamit ng halimbawa sa pagpapakita ng konsepto o ideya

Nakasaad sa Talahanayan 9 ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa kategoryang paggamit ng halimbawa sa pagpapakita ng konsepto at ideya. Makikita na ayon sa kabuoang mean nito na 4.42 ang estratehiyang ito ay may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang estratehiyang pangkomunikasyon na ito ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Kaugnay nito, mababatid din sa talahanayan na mula sa tatlong pamamaraan ng paggamit ng mga halimbawa sa pagpapakita ng ideya at konsepto sa pagtatalakay sa aralin, nanguna ang

pamamaraang *nagbibigay ang guro ng isa hanggang dalawang halimbawa sa bawat konsepto*. Batay sa natuos na mean nito na 4.57 na may interpretasyong palagi; ipinapakahulugan na ginagamit ng guro ang pamamaraang ito sa halos lahat ng pagkakataon sa kaniyang pagtuturo sa online. Ipinahihwatig din nito na mas ginagamit ng guro ang limitasyon sa pagbibigay ng halimbawa na mayroon lamang isa hanggang dalawa kaysa ang marami dpenede sa pangangailangan ng mag-aaral sa pag-unawa.

Ayon kay Lim (2012), malaki ang ginagampanan ng oras sa mga estratehiya na ginagamit ng guro. Madalas dahil sa limitasyon sa oras mas pinipili ng guro ang kakaunti lamang na estratehiya ang gamitin upang makatugon sa talatakdaan ng oras ng pagsasagawa ng klase.

Kaya naman, nakuha ng pamamaraang *nagbibigay ang guro ng maraming halimbawa na nakadepende kung hanggang kailan makukuha ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa bawat konsepto* ang pinakahuling ranggo. Batay sa natuos nito na mean na 4.30 na may interpretasyon na malimit, ipinahihwatig nito na ginagamit ng mga guro ang pamamaraang ito nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi. Kung tutuusin, kahit na ang pamamaraang ito ay nakakuha ng pinakamababang mean mula sa tatlong pamamaraan ng paggamit ng halimbawa sa pagpapakita ng konsepto at ideya, hindi pa rin maikakaila na ang pamamaraang ito ay malimit pa rin na ginagamit ng mga guro ngunit hindi nga lamang tulad ng iba na palaging ginagamit.

### **Estratehiyang Pangkomunikasyong Karaniwang Ginagamit ng Mga Guro sa Online na Pagtuturo**

<i>Estratehiyang Pangkomunikasyon</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
1. Paghahalili (substitution)	4.43	Malimit	1
2. Paggamit ng mga halimbawa sa pagkilala sa kaisipan	4.42	Malimit	2
3. Paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis atbp	4.41	Malimit	3
4. Pag-uulit	4.39	Malimit	4
5. Pagpapaliwanag	4.14	Malimit	5
6. Pagbibigay-Tanda (clue)	4.10	Malimit	6
7. Tanong-sagot	4.09	Malimit	7
8. Pagpapakahulugan	4.07	Malimit	8
9. Pagpapalit-wika	3.92	Malimit	9

#### **Talahanayan 10.** Pagkakaiba ng mga Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo

Matutunghayan sa talahanayan 10 ang pagkakaiba ng mga estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo. Makikita na batay sa natuos na kabuoang

mean ng bawat isa sa siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon na ginagamit ng mga guro, lahat ng ito ay may iisang interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang siyam na estratehiya ay ginagamit ng guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa *online* ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Mababatid sa talahanayan na nangunguna sa ranggo ang Paghahalili (substitution) na may 4.43 na kabuoang mean. Ipinahihiwatig nito na sa siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo, ang paghahalili ang pinakaginagamit ng mga guro sa kabuoan, bagamat malimit ito na ginagamit.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumasang-ayon sa natuklasan ni Valerio (1999) na ang substitusyon ang isa sa mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagpapaunawa ng paksa na kanilang tinatalakay kahit na noon pa na tradisyunal ang paraan ng pagtuturo.

Halos isa lamang ang diperensya ng kabuoang mean ng mga sumunod sa paghahalili tulad ng Paggamit ng mga halimbawa sa pagkilala sa kaisipan na may 4.42 na kabuoang mean, Paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis atbp na may 4.41 na kabuoang mean at Pag-uulit na may 4.39 na kabuoang mean. Ipinahihiwatig nito na tulad sa paghahalili, ang mga tatlo pang nabanggit ay pangunahin na ginagamit ng mga guro sa kanilang pagtuturo sa online.

Gaya ng pag-aaral na isinagawa ni Ngamoy, B.C. (2002) sa kanyang “Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo sa kumbinasyong klase, “nangunguna rin ang paggamit ng mga halimbawa sa pagkilala sa kaisipan at paggamit ng ilustrasyon, dibuho, krokis atbp sa mga estratehiyang pangkomunikasyong nabanggit.

Batay naman sa naging resulta sa pag-aaral na isinagawa ni Bailon (1998), natuklasan niyang talagang gamitin ang estratehiyang pag-uulit hindi lamang sa pagtuturo ng Filipino kundi gayundin sa pagtuturo ng Agham sapagkat napatunayan niyang pangatlo ito sa pinakapektibong estratehiya at pangalawa naman sa mga communication adjustment ng mga guro sa klase ng Engineering at Architecture batay sa pag-aaral ni Casingal (2000) samantalang sa pag-aaral naman ni Dumo (1992), ang pag-uulit ang nangungunang pandiskurso at pansintaktikang estratehiya ng mga guro. Tumugma ito sa resulta ng pag-aaral ni Valerio (1999) na ang pag-uulit ay siyang estratehiyang pinakagamitin ng mga guro ng English, Science at Math upang maunawaan sila ng mga mag-aaral.

Ipinahihiwatig ng mga ito na maging sa tradisyunal na pagtuturo kung saan hindi pa masyado ginagamit ang *online* bilang pangunahing plataporma ng pagtuturo, ang paghahalili, pag-uulit, paggamit ng mga halimbawa sa pagpapakilala sa ideya at paggamit ng mga ilustrasyon, dibuho o krokis atbp ay kaparehong pinakagamitin na rin na estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo.

Samantala, kapansin-pansin naman ang malaking kabaihan ng kabuong mean na 3.92 ng pagpapalit-wika sa mga naunang nasuring estratehiya. Matapos nitong makuha ang pinakahuling ranggo, ipinahihiwatig na sa *online* na pagtuturo hindi lahat o hindi karamihan sa guro ang gumagamit ng estratehiya na ito. Nangangahulugan na palagi pa ring ginagamit ng mga guro ang unang wika ng sabdyek na kanilang itinuturo at malimit lamang na gamitin ang pagpapalit ng ibang wika.

Malapit din ang natuos na kabuoang mean na 4.07 ng pagpapakahulugan sa pagpapalit-wika, kaya naman nakuha nito ang ikalawa sa pinakahuling ranggo ng mga estratehiyang pangkomunikasyon. Ipinahihiwatig nito na tulad ng pagpapalit-wika sa kabila na pareho silang malimit din na ginagamit tulad ng iba, mapagtatanto na halos ilang bilang na lamang magiging minsan na ang interpretasyon nito dahil sa malapit na ang kabuong mean nito sa eskala ng mga mean sa ‘minsan.’

Matutunghayan na isa ang pagpapakahulugan sa nasa hulihang ranggo, ito ay sa dahilang ang mga mag-aaral mismo ang nagbibigay kahulugan sa maraming bahagi ng paksang-aralin at hindi ang guro sapagkat ang mga mag-aaral sa antas tersyarya at sekondarya ay may kakayahan nang magpakahulugan hindi tulad ng mga mag-aaral sa elementarya. Sa pananaliksik na ito ay natuklasang nagbibigay-clue lamang ang mga guro at ito ang nagiging gabay ng mga mag-aaral sa pagpapakahulugan kaya sa halip na guro ang gumagamit ng estratehiyang pagpapakahulugan, mag-aaral ang madalas na gumagamit nito. Datapwa’t nagagamit pa rin ito ng mga guro paminsan-minsan.

Ayon kay Villanueva at Mariano (1968), ang isang estratehiya ay makatutulong sa pagkatuto kung ito ay naaangkop at nababagay sa kakayahan at kawilihan ng mga mag-aaral. Ito ay may kaugnayan sa paniniwala ni Olpindo (1998) na ang mag-aaral ang itinuturing na “educative process” kaya ang estratehiyang dapat gamitin ng guro sa pagtuturo ay dapat angkop sa gulang, baitang, kakayahan, interes at pangangailangan ng mga mag-aaral.

### **B. Pagkakaiba ng mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Online na Pagtuturo ng mga Guro Ayon sa Salik Kinabibilangang Departamento**

Sa bahaging ito matutukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa *online* na pagtuturo ayon sa kinabibilangang departamento. Tinangkang masagot sa bahaging ito kung may pinagkaiba ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa elementarya, sekondarya at tersyarya.

<i>Estratehiya</i>	<i>F</i>	<i>Mean</i>	<i>p</i>	<i>Remarks</i>
1. Pag-uulit	3.35	3.87	0.050	<i>Significant</i>
2. Paghahalili	2.11	3.87	0.140	<i>Significant</i>
3. Paggamit ng Halimbawa	13.74	3.78	< .001	<i>Significant</i>
4. Paggamit ng Ilustrasyon atbp.	8.88	3.73	0.001	<i>Significant</i>
5. Pagpapakahulugan	2.42	3.65	0.108	<i>Significant</i>
6. Pagpapaliwanag	2.18	3.62	0.133	<i>Significant</i>
7. Tanong-sagot	2.06	3.55	0.147	<i>Significant</i>
8. Pagbibigay-tanda	2.86	3.50	0.075	<i>Significant</i>
9. Pagpapalit-wika	4.88	3.30	0.016	<i>Significant</i>

**Talahanayan 11.** Pagkakaiba ng mga Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro sa Online na pagtuturo ayon sa kinabibilangang departamento

Ipinakikita sa Talahanayan 11 na pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa *online* na pagtuturo ng mga guro ayon sa salik na kinabibilangang departamento batay sa resulta ng F-test na 3.35 (pag-uulit), 2.11 (paghahalili); 13.74 (paggamit ng halimbawa), 8.88 (paggamit ng ilustrasyon atbp), 2.42 (pagpapakahulugan); 2.18 (pagpapaliwanag), 2.06 (tanong-sagot), 2.86 (pagbibigay-tanda) at 4.88 (pagpapalit-wika) na mas mataas kaysa sa mga p-value nito. Nangangahulugan ito na ang kinabibilangang departamento ay isa sa mga salik sa pagtukoy ng estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo.

Samakatuwid, tinatanggap ang haypotesis na may makabuluhang pagkakaiba ang ginagamit na estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro sa online na pagtuturo ayon sa salik na kinabibilangang departamento.

**Ispesipikong Pagkakaiba ng mga Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga Guro Ayon sa Salik na Kinabibilangang Departamento**

<i>Kategorya</i>	<i>Kinabibilangang Departamento</i>	<i>N</i>	<i>Mean</i>	<i>SD</i>	<i>Interpretasyon</i>
<b>1.</b> Pag-uulit	Elementarya	10	4.20	0.523	Malimit
	Sekondarya	10	4.20	0.447	Malimit
	Tersyarya	10	3.20	1.643	Minsan
<b>2.</b> Paghahalili	Elementarya	10	4.20	0.523	Malimit

	Sekondarya	10	4.00	0.707	Malimit
	Tersyarya	10	3.40	1.517	Minsan
<b>3. Paggamit ng Halimbawa</b>	Elementarya	10	4.55	0.510	Palagi
	Sekondarya	10	4.20	0.447	Malimit
	Tersyarya	10	2.60	1.517	Minsan
<b>4. Paggamit ng Ilustrasyon atbp.</b>	Elementarya	10	4.40	0.598	Malimit
	Sekondarya	10	4.00	1.000	Malimit
	Tersyarya	10	2.80	1.095	Minsan
<b>5. Pagpapaliwanag</b>	Elementarya	10	3.85	0.671	Malimit
	Sekondarya	10	4.00	0.707	Malimit
	Tersyarya	10	3.00	1.581	Minsan
<b>6. Pagpapakahulugan</b>	Elementarya	10	3.95	0.686	Malimit
	Sekondarya	10	3.80	0.447	Malimit
	Tersyarya	10	3.20	0.837	Minsan
<b>7. Tanong-sagot</b>	Elementarya	10	3.85	0.671	Malimit
	Sekondarya	10	3.80	0.837	Malimit
	Tersyarya	10	3.00	1.414	Minsan
<b>8. Pagpapalit-wika</b>	Elementarya	10	3.70	0.657	Malimit
	Sekondarya	10	3.80	1.095	Malimit
	Tersyarya	10	2.40	1.342	Minsan
<b>9. Pagbibigay-tanda</b>	Elementarya	10	3.90	0.641	Malimit
	Sekondarya	10	3.40	0.548	Minsan
	Tersyarya	10	3.20	0.837	Minsan

**Talahanayan 12.** Ispesipikong pagkakaiba ng mga Estratehiyang Pangkomunikasyon ng mga guro ayon sa salik na kinabibilangang departamento

Makikita sa talahanayan 12 ang mga ispesipikong pagkakaiba ng estratehiyang pangkomunikasyon ng mga guro ayon sa salik na kinabibilangang departamento.

Matutunghayan sa resulta na ang mga guro sa elementarya at sekondarya ay parehong malimit na ginagamit ang pag-uulit, paghahalili, paggamit ng halimbawa, paggamit ng ilustrasyon atbp., pagpapaliwanag; pagpapakahulugan, tanong-sagot; pagpapalit-wika at pagbibigay-tanda



bilang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang online na pagtuturo. Ipinahihiwatig nito na ang mga estratehiyang pangkomunikasyon na ito ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa online ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Samantala, ang mga guro sa Tersyarya ay minsan lamang na ginagamit ang siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang online na pagtuturo. Nangangahulugan na ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ay ginagamit lamang ng guro nang pana-panahon. Ibig sabihin may pagkakataong nagagamit ito ngunit may pagkakataon ding hindi.

Ang lumabas na resulta ay may kinalaman sa nabanggit ni Nadayao (2011) ayon kina Villanueva at Mariano (1968) ang isang estratehiya ay makatutulong sa pagkatuto kung ito ay naaangkop at nababagay sa kakayahan at kawilihan ng mga mag-aaral. Samakatuwid, makikita na dahil lahat ng respondente na kabilang sa pangkat ng Tersyarya ay pawang nagtuturo sa antas tersyarya matutukoy ang rason sa lumabas na resulta. Dahil mas mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kolehiyo kung saan karamihan sa mga estratehiya na nabanggit tulad ng pagpapakahulugan, paghahalili, pagbibigay-tanda, pagpaliwanag at tanong sagot ay sila na mismo ang gumagawa; minsan na lamang gamitin ng mga gurong ito ang siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon. Hindi tulad sa elementarya at sekondarya na madalas guro ang siyang nagsasagawa ng mga ito.

Ito ay may kaugnayan sa binanggit ni Nadayao (2011) na paniniwala ni Olpindo (1998) na ang mag-aaral ang itinuturing na “educative process” kaya ang estratehiyang dapat gamitin ng guro sa pagtuturo ay dapat angkop sa gulang, baitang, kakayahan, interes at pangangailangan ng mga mag-aaral.

### **C. *Online Teaching Platforms* na Ginagamit ng mga Guro sa Pagsasagawa ng mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa *Online* na Pagtuturo**

Sinuri sa bahaging ito ang mga karaniwang ginagamit ng mga guro na *online teaching platforms* sa pagsasagawa ng kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtuturo sa *online*. Hinati sa apat na bahagi ang pagtukoy sa mga ito—pagtalakay sa aralin, pagbibigay ng gawain, pagbibigay ng pagsusulit at pagbibigay ng anunsyo.

#### **1. Ginagamit na *Online Teaching Platform* sa Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtatalakay sa Aralin**

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
1. Pegasus Learning Management System	4.46	Malimit	1
2. Messenger App	4.25	Malimit	2
3. Google Meet App	4.21	Malimit	3
4. Facebook page/group	3.14	Minsan	4

5. Zoom App	2.54	Minsan	5
6. Google Classroom	2.39	Bihira	6

**Talahanayan 13.** *Online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagtatalakay ng mga aralin gamit ang kanilang mga Estratehiyang Pangkomunikasyon

Ipinakikita ng talahanayan 13 ang mga *online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagtatalakay ng mga aralin gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Batay sa resulta, nanguna ang Pegasus Learning Management System (LMS) na may 4.46 na kabuoang mean at may interpretasyon na malimit. Ipinahihiwatig nito na ang LMS ay ginagamit ng mga guro nang madalas sa pagtatalakay ng aralin gamit ang mga estratehiyang pangkomunikasyon, ngunit hindi kasindalas ng palagi.

Ayon sa pahina ng Tremadura (2020), ang platform na tulad ng Learning Management System ay walang mas mababa sa isang silid-aralan, higit pa rito. Isang digital na silid aralan. Ang mga guro, mag-aaral at magulang ay may access dito at maaaring sumali, makipag-ugnay at matuto. Ang interface ay katulad ng isang social networking site at ganap na magiliw sa user. Ito rin ang pinakaligtas na mapagkukunan ng anupaman at lahat ng na-upload dito ay tungkol sa kaalaman ng guro. Ang isang guro ay maaaring magbigay ng mga takdang aralin, markahan ang mga ito, kausapin ang mga magulang, mag-upload ng mga mapagkukunan at iba pa.

Ang lumabas na resulta ay sang-ayon sa ipinatupad ng Arellano University na kung saan ang lahat ng gawain sa *distance learning* ay isasagawa sa inilunsad nitong Pegasus Learning Management System bilang pagtugon sa Learning Continuity Plan ng Commission on Higher Education (CHED).

Tulad ng LMS, malimit din na ginagamit ng mga guro sa pagtatalakay ng mga aralin gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon ang Messenger App at Google Meet App matapos na matuos ang 4.25 at 4.21 na kabuoang mean ng mga ito.

Sa kabilang banda, ang Google Classroom naman ay bihira lamang gamitin ng mga guro sa pagtatalakay ng mga aralin gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Nangangahulugang ang Google Classroom ay madalang lamang na ginagamit ng guro sa pagsasagawa ng kaniyang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagtatalakay ng aralin.

Ang resulta ay samasang-ayon sa isinaad ni Poppas (2015), ang Google Classroom ay maraming limitasyon tulad ng hindi pinapayagan ng Google Classroom ang pag-access mula sa maraming mga domayn. Bukod dito, hindi maaaring mag-log in gamit ang personal na Gmail upang ipasok ito; kailangan pang mag-log in sa Google Apps para sa Education at marami pang iba.

2. Ginagamit na *Online Teaching Platform* sa Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagbibigay ng Gawain at Takdang Aralin

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
1. Messenger App	4.55	Palagi	1
2. Pegasus Learning Management System	4.53	Palagi	2
3. Google Meet App	4.21	Malimit	3
4. Gmail	3.32	Minsan	4
5. Facebook page/group	3.18	Minsan	5
6. Google Classroom	2.29	Bihira	6

**Talahanayan 14.** *Online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagbibigay ng gawain/takdang aralin gamit ang kanilang mga Estratehiyang Pangkomunikasyon

Ipinakikita ng talahanayan 14 ang mga *online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagbibigay ng gawain/takdang aralin gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Batay sa resulta, nanguna ang Messenger App na may 4.55 na kabuoang mean at may interpretasyon na palagi. Ipinahihiwatig nito na ang Messenger App ay laging ginagamit ng guro sa pagbibigay ng gawain/takdang aralin gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon.

Makikita rin sa talahanayan na kaunti lamang ang diperensya ng Pegasus Learning Management System sa Messenger App na pumangalawa rito matapos matuos ang kabuoang mean na 4.53 at may interpretasyon din na palagi. Ipinahihiwatig nito na tulad ng Messenger App, ang LMS ay lagi ding ginagamit ng guro sa pagbibigay ng gawain/takdang aralin gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon.

Ang lumabas na resulta ay sang-ayon sa isa sa mga alituntunin ng paglulunsad ng Arellano University sa Pegasus Learning Management System kung saan dapat na humanap ang ang guro ng mas madaling paraan na kaya ng mga mag-aaral pagdating sa pagbibigay ng gawain at takdang aralin bilang pagtugon sa Learning Conitunity Plan ng Commission on Higher Education (CHED).

Sa kabilang banda, ang Google Classroom naman tulad sa aspekto ng pagtatalakay ng aralin ay bihira lamang gamitin ng mga guro sa pagbibigay ng gawain/takdang aralin gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Nangangahulugang ang Google Classroom ay madalang lamang na ginagamit ng guro sa pagsasagawa ng kaniyang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagbibigay ng gawain/takdang aralin.

3. Ginagamit na *Online Teaching Platform* sa Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagbibigay ng Pagsusulit at Ebalwasyon

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
1. Pegasus Learning Management System	4.64	Palagi	1
2. Messenger App	3.39	Minsan	2
3. Google forms	2.43	Bihira	3
4. Gmail	2.39	Bihira	4
5. Facebook page/group	2.07	Bihira	5
6. Google Classroom	2.07	Bihira	6
7. Quiziz	1.61	Bihira	7

**Talahanayan 15.** *Online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagbibigay ng pagsusulit/ebalwasyon gamit ang kanilang mga Estratehiyang Pangkomunikasyon

Ipinakikita ng talahanayan 15 ang mga *online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagbibigay ng pagsusulit/ebalwasyon gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Batay sa resulta, nanguna ang Pegasus Learning Management System (LMS) na may 4.46 na kabuoang mean at may interpretasyon na palagi. Ipinahihiwatig nito na ang LMS ay laging ginagamit ng guro sa pagbibigay ng pagsusulit/ebalwasyon gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon.

Ang lumabas na resulta ay sang-ayon sa ipinatupad ng Arellano University na kung saan ang lahat ng gawain sa *distance learning* kabilang ang pagbibigay ng pagsusulit/ ebalwasyon ay isasagawa sa inilunsad nitong Pegasus Learning Management System bilang pagtugon sa Learning Conitunity Plan ng Commission on Higher Education (CHED).

Mapapansin din sa resulta na ginagamit ng mga guro ang Messenger App sa pagbibigay ng pagsusulit nang minsan matapos na matuos ang 3.39 na kabuong mean nito. Ipinahihiwatig nito na isa sa mga opsyon ng guro ang Messenger App sa pagbibigay ng pagsusulit. Ito ay dahil ayon kay Felizardo (2020), madali na gamitin ang messenger at halos lahat ng mga mag-aaral ay mayroon nito dahil hindi nito kailangan ang malakas na signal, kaya madali itong magagamit para sa mga gawaing pampaaralan.

Sa kabilang banda, ang Quiziz naman ay kasama rin sa mga opsyon ng mga guro subalit bihira lamang itong gamitin ng mga guro sa pagbibigay ng pagsusulit/ebalwasyon gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Nangangahulugang ang Quiziz ay madalang lamang na ginagamit ng guro sa pagsasagawa ng kaniyang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagbibigay ng pagsusulit/ebalwasyon.

4. Ginagamit na *Online Teaching Platform* sa Mga Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagbibigay ng Instruksyon, Patalastas (Announcement) at Paalala

<i>Indicator</i>	<i>Kabuoang Mean</i>	<i>Interpretasyon</i>	<i>Ranggo</i>
1. Messenger App	4.89	Palagi	1
2. Pegasus Learning Management System	4.04	Malimit	2
3. Google Meet App	3.75	Malimit	3
4. Facebook page/group	3.25	Minsan	4
5. Gmail	2.09	Bihira	5
6. Google Classroom	2.07	Bihira	6

**Talahanayan 15.** *Online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagbibigay ng anunsyo/instruksyon gamit ang kanilang mga Estratehiyang Pangkomunikasyon

Matutunghayan sa talahanayan 16 ang mga *online teaching platforms* na ginagamit ng mga guro sa pagbibigay ng anunsyo/ instruksyon gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Batay sa resulta, nanguna ang Messenger App na may 4.89 na kabuoang mean at may interpretasyon na palagi. Ipinahihiwatig nito na ang Messenger App ay laging ginagamit ng guro sa pagbibigay ng anunsyo/ instruksyon gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon.

Sa kabilang banda, ang Google Classroom naman ay bihira lamang gamitin ng mga guro sa pagbibigay ng anunsyo/ instruksyon gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Nangangahulugang ang Google Classroom ay madalang lamang na ginagamit ng guro sa pagsasagawa ng kaniyang mga estratehiyang pangkomunikasyon sa pagbibigay ng anunsyo/instruksyon.

## LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Matapos matuos ang mga datos gamit ang estadistikang pamamaraan, natuklasan ang mga sumusunod: ginagamit ng guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa *online* ngunit hindi kasindalas ng palagi ang lahat ng siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon tulad ng pag-uulit, paghahalili; pagpapalit-wika, pagbibigay-tanda, pagpapakahulugan; pagpapaliwanag, tanong-sagot; paggamit ng ilustrasyon, krokis, dibuho atbp., at paggamit ng mga halimbawa sa pagpapakita ng ideya o konsepto.

Sa siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon sa *online* na pagtuturo, ang paghahalili ang pinakaginagamit ng mas maraming guro sa kabuoan, bagamat malimit ito na ginagamit. Samantala, kapansin-pansin naman ang malaking kabaihan ng kabuong mean ng

pagpapalit-wika sa iba pang mga nasuring estratehiya. Ipinahihiwatig na sa *online* na pagtuturo hindi lahat o hindi karamihan sa guro ang gumagamit ng estratehiyang pagpapalit-wika.

Pagdating sa pamamaraan ng pagsasagawa ng siyam na pangunahing estratehiya, ginagamit ng mas maraming mga guro sa halos lahat ng pagkakataon sa kaniyang pagtuturo sa *online* ang pamamaraan na bago magsimula sa bagong aralin, binabalikan ng niya ang nagdaang mga aralin bago magsimula sa panibagong aralin (Pag-uulit); gumagamit ang guro ng mga kongkretong halimbawa na malapit sa konseptong tinatalakay bilang panghalili sa mga mahihirap na konsepto (Paghahalili); ginagamit ng guro ang estratehiyang pagbibigay- clue upang bigyang – gabay ang mga mag-aaral sa pagtugon ng akmang kasagutan sa talakayan (Pagbibigay-tanda); ginagamit ng guro sa talakayan ang pamamaraang tanong-sagot sa pamamagitan ng resitasyon kung saan madalas tinatanong niya ang mga estudyante hinggil sa tinatalakay na aralin (Tanong-sagot); gumagamit ang guro ng PowerPoint presentation (Paggamit ng ilustrasyon); at nagbibigay ang guro ng isa hanggang dalawang halimbawa sa bawat konsepto (Paggamit ng halimbawa sa pagpapakita ng ideya). Matapos matukoy ang kabuoang mean ng mga ito na may interpretasyon na “palagi”.

Sa kabilang banda, ginagamit ng mas maraming mga guro nang madalas sa kanilang pagtuturo sa *online* ngunit hindi kasindalas ng palagi ang pamamaraan na gumagamit ang guro ng induktibong paraan sa pagpapaliwanag sa talakayan (Pagpapaliwanag); tinatalakay ng guro ang aralin sa paraang bilingguwal (Pagpapalit-wika); at ginagamit ng guro ang uri ng pagpapakahulugan na operasyunal sa mga salita o terminolohiya sa aralin (Pagpapakahulugan). Matapos na matukoy ang kabuoang mean ng mga ito na may interpretasyon na “malimit”.

Natukoy din na pawang makabuluhan ang pagkakaiba ng mga estratehiyang pangkomunikasyon sa *online* na pagtuturo ng mga guro ayon sa salik na kinabibilangang departamento. Matutunghayan sa resulta na ang mga guro sa elementarya at sekondarya ay parehong malimit na ginagamit ang siyam na pangunahing estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang *online* na pagtuturo; habang ang mga guro sa tersyarya partikular sa Kolehiyo ng Edukasyon ay minsan lamang. Ibig sabihin may pagkakataong nagagamit ang mga ito ngunit may pagkakataon ding hindi.

Batay din sa resulta, ang *Learning Management System (LMS)* ay malimit na ginagamit ng mga guro sa pagtatalakay ng aralin at sa pagbibigay ng pagsusulit/ebalwasyon gamit ang mga estratehiyang pangkomunikasyon. Sa kabilang banda, ang *Messenger App* naman ang laging ginagamit ng guro sa pagbibigay ng gawain/takdang aralin at pagbibigay ng anunsyo/ instruksyon gamit ang kanilang mga estratehiyang pangkomunikasyon.

Dahil sa mga nabanggit na lagom, nabuo ang kongklusyong ang mga guro sa Arellano University- Main ay gumagamit ng iba’t ibang estratehiyang pangkomunikasyon sa kanilang *online* pagtuturo. Siyam sa mga ito ang binigyang-diin. Bukod dito, napagtanto rin na ang kinabibilangang departamento ay isa sa mga salik sa pagtukoy ng estratehiyang

pangkomunikasyon sa *online* na pagtuturo. Bunsod nito napagtanto na ang dahilan kung bakit ang mga guro sa antas tersyarya sa partikular sa Kolehiyo ng Edukasyon ay minsan lamang na ginagamit ang mga estratehiyang pangkomunikasyon na nabanggit kumpara sa malimit ng elemetarya at sekondarya ay sapagkat mas mataas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Karamihan sa mga estratehiya ay sila na mismo ang nagsasagawa at minsan na lamang ang guro. May kaugnayan ito sa binanggit ni Nadayao (2011) na paniniwala ni Olpindo (1998) na ang mag-aaral ang itinuturing na “*educative process*” kaya ang estratehiyang dapat gamitin ng guro sa pagtuturo ay dapat angkop sa gulang, baitang, kakayahan, interes at pangangailangan ng mga mag-aaral.

Napagtanto rin kung bakit ang Pegasus Learning Management System at Messenger App ay palaging ginagamit ng mga guro sa pagsasagawa nila ng mga gawaing pampagtuturo gamit ang mga estratehiyang pangkomunikasyon ay bunsod sa ipinatupad ng Arellano University na kung saan ang lahat ng gawain sa *distance learning* ay isasagawa sa inilunsad nitong LMS at susuportahan ng ilang epektibo na *online teaching platforms* bilang pagtugon sa Learning Continuity Plan ng Commission on Higher Education (CHED).

Batay sa nabuong kongklusyon, itinatagubilin ang mga sumusunod na rekomendasyon: gamitin ang siyam na pangunahing estratehiya sa online na pagtuturo sa halos lahat ng pagkakataon (palagi) at hindi malimit lamang.

Maliban sa siyam na estratehiyang nabanggit, tukuyin at suriin din ang iba pang estratehiyang pangkomunikasyong ginagamit ng mga guro sa pagtuturo gaya ng pagpapares ng pangungusap, pagbabaliktad, pagdaragdag, pagbabawas, at pagpapalawak na epektibo rin upang mapaingting ang pagtuturo sa panahon na online ang edukasyon.

Dahil natuklasan na may makabuluhang pagkakaiba ang ginagamit na estratehiyang pangkomunikasyon sa online na pagtuturo ayon sa salik na kinabibilangang departamento, iminumungkahi na magsagawa na kaparehong pag-aaral sa salik na antas ng edukasyong natapos at unang wika ng mga mag-aaral.

Iminumungkahi magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral na nakapokus lamang sa Kolehiyo maliban sa Kolehiyo ng Edukasyon at isama sa mga salik ang asignaturang itinuturo at magkaroon ng paghahambing sa pagkuha ng persepsyon ng mga mag-aaral.

Gayon din, iminumingkahi na magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral ayon sa obserbasyon sa klase at hindi sa persepsyon lamang ng mga guro.

Itinatagubilin ring magkaroon ng pag-aaral tungkol sa paraan ng pagtatanong ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Kaugnay nito suriin ang mga paraan ng pagtatanong ayon sa asignaturang itinuturo (basic or major subject) at departamentong kinabibilangan ng mag-aaral.

Panghuli, kailangang hasain ng mga guro ang kanilang mga kaalaman sa pamamagitan ng pagdalo sa mga in-service training, seminar-worksyap at mga palihan hindi lamang tungkol sa wika kundi gayundin sa mga mga makabagong estratehiya at pamamaraan sa pagtuturo upang hindi sila mahuli sa mabilis na takbo ng mga pagbabago sa larangan ng edukasyon.

### SANGGUNIAN

- BADAYOS, P. B. Ph. D. (1999). Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika, Mga Teorya, Simulain at Estratehiya. Makati City. Grandwater Publications and Research Corp.
- BARAYUGA, P.A. (1992). Mga Suliranin sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya sa Dibisyon ng La Union. Unpublished Thesis, Baguio Central University, Baguio City. Pp. 20-31-
- COOK, V. (1996). Sa pagbanggit ni LARTEC, J. 2001. Interaksyong Pang-klase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University. CORDER, V. 1983. Strategies of Communication. New York: Longman Pp. 8,18
- CORDOVA (2020), Blended at Online na Pagtuturo at Pagkatuto: Hamon sa mga Guro (Blended and Online Teaching and Learning: Challenges to Teachers). Nakuha sa [https://www.researchgate.net/publication/342914686\\_Blended\\_at\\_Online\\_na\\_Pagtuturo\\_at\\_Pagkatuto\\_Hamon\\_sa\\_mga\\_Guro\\_Blended\\_and\\_Online\\_Teaching\\_and\\_Learning\\_Challenges\\_to\\_Teacher](https://www.researchgate.net/publication/342914686_Blended_at_Online_na_Pagtuturo_at_Pagkatuto_Hamon_sa_mga_Guro_Blended_and_Online_Teaching_and_Learning_Challenges_to_Teacher)
- DHAWAN, S. (2020). Epekto ng “Online Learning Mode” sa Aspektong Sikolohikal ng mga Mag-aaral sa Kursong “Accountancy” sa Pamantasang Teknolohikal ng Rizal – Pasig Campus. Nakuha sa <https://www.studocu.com/ph/document/rizal-technological-university/bs-accountancy/practical/epekto-ng-online-learning>
- FINOCCHIARO, M. Ph. D. (2014). English as a Second Language: from Theory to Practice. New Edition. Regents Publishing Co., Inc. New York.
- HYMES, DELL. (1977). “Sociolinguistics and the Ethnography of Speaking” Sa Social Anthropology & Language. Inedit ni Edwin Ardener. USA: Barnes & Noble Inc.
- LARTEC, J. K. (2001). Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas Tersyarya ng Benguet State University. Unpublished Thesis
- NADAYAO, (2011). Estratehiyang Pangkomunikasyon sa Pagtuturo ng Filipino ng mga Guro sa Antas Tersyarya ng Palawan State University. Palawan State University, Tiniguiban Heights, Puerto Princesa City, Palawan.



NIDA, E. (1957). Sa Pagbanggit ni Lartec, J. K. 2001. Interaksyong Pangklase sa Filipino sa Antas  
Tesyarya ng Benguet State University. Un-published Thesis, Benguet State University, La  
Trinidad, Benguet